
2

# Music

## Ika-apat na Markahan–Modyul 2:
## Kilalanin ang Tempo



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

Music – Grade 2
Alternative Delivery Mode
Ika-apat na Markahan–Modyul 2: Kilalanin ang Tempo
Unang Edisyon, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi**: Isinasaad sa Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad ng *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda/materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, pangalan ng produkto o *brand names,* tatak o *trademarks,* palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala o *publisher* at may akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsulat ng Modyul**

**Manunulat/Tagalapat:** Rowena B. Calonzo
**Editor:** Perlita G. Pagdanganan
**Tagasuri:** Agnes R. Bernardo PhD
Anastacia M. Victorino, EdD
Marie Ann C. Ligsay, PhD
Engelbert Agunday, PhD
**Tagaguhit:** Rafael E. Martinez
**Tagapamahala**: Nicolas T. Capulong, PhD
Librada M. Rubio, EdD
Ma. Editha R. Caparas, EdD
Nestor P. Nuesca, EdD
Gregorio C. Quinto, Jr., EdD
Rainelda M. Blanco, PhD
Agnes R. Bernardo, PhD

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III**
Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address:region3@deped.gov.ph

# 2

# Music

## Ika-apat na Markahan - Modyul 2:
## Kilalanin ang Tempo

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Music 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Kilalanin ang Tempo.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto ng mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang

hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Music 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol Kilalanin ang Tempo.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | | |
|---|---|---|
|  | *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
|  | *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

*Sanggunian*

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahihirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay naghanda ng mga gawain na makatutulong sa iyo upang makilala ang “mabagal”, “mas mabagal”, “mabilis”, at “mas mabilis”, na tempo ng musika.

Sa katapusan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

Makikilala ang “mabagal”, “mas mabagal”, “mabilis”, at “mas mabilis”, na tempo ng musika gamit ang napakinggang rekorded na musika.(MU2TP-IVb-5)

## *Subukin*

Isulat sa sagutang papel ang salitang **tama** kung ang isinasaad ng pangungusap ay wasto at **mali** kung hindi.

1. Ang tempo ay tumutukoy sa bilis o bagal ng isang awitin.

2. Matutukoy ang tempo ng isang awitin sa pamamagitan ng pakikinig dito.

3. Ang "Ako ay May Lobo" ay may mabilis na tempo.

4. Masaya ang ipinahihiwatig ng mabagal na tempo.

5. Mabagal ang tempo ng awiting " Leron-Leron Sinta".

Aralin 1

# Kilalanin ang Tempo

## Balikan

Piliin sa hanay B ang letra ng tamang sagot na tumutukoy sa tempo ng bawat awitin sa hanay A. Isulat sa iyong papel ang iyong sagot.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Bahay Kubo | a. mabagal |
| 2. Magtanim ay Di Biro | b. mabilis |
| 3. Paru-parong Bukid | |
| 4. Tiririt ng Maya | |
| 5. Tatlong Bibe | |

## *Tuklasin*

Halika at awitin ang “Tempo” sa himig na “Ako ay May Lobo”.

**Tempo**

(ni Rowena B. Calonzo)

Tayo ng kumanta,
Awiting iba-iba.
Tempo ay pakinggan,
Sa apat na paraan.
Minsan ay mabagal,
Kung minsan ay mabilis;
Mayroong mas mabagal,
At mas mabilis.

Sa awiting iyong inawit, ano-ano ang tempo na binanggit?

Nakaawit ka na ba ng awitin sa mabilis at mas mabilis na tempo?

Nasubukan mob a ang pag-awit nang mabagal at mas mabagal ang tempo?

# Suriin

Natutuhan mo sa nakaraang modyul na ang tempo ay tumutukoy sa bilis o bagal ng isang awitin.

Atin namang kilalanin ang mga musika na may mabilis, mas mabilis, mabagal at mas mabagal na tempo sa pamamagitan ng pakikinig at pag-awit ng mga awitin.



# Pagyamanin

## Gawain 1

Awitin ang bawat linya ng Tong Tong Tong Pakitong-Kitong batay sa tempong nakalagay.

Tong, tong, tong, tong pakitong-kitong (mabagal)
Alimango sa dagat (mabagal)
Malaki at masarap (mas mabagal)
Kay hirap hulihin (mabilis)
Sapagkat nangangagat. (mas mabilis)

## Gawain 2

Iyo namang kantahin ang sumusunod na awitin batay sa tempo na nakalagay.

| Awitin | Mas Mabagal | Mabagal | Mabilis | Mas Mabilis |
|---|---|---|---|---|
| ABAKADA | ✓ | | | |
| Pen Pen De Sarapen | | | ✓ | |
| Lubi Lubi | | ✓ | | |
| Sitsiritsit | | | | ✓ |

## Gawain 3

Gawin ang sumusunod na hakbang.

a. Awitin ang "Maliliit na Gagamba" sa mabagal na tempo habang pumapalakpak.

b. Awitin naman ito sa mas mabagal na tempo habang pumapadyak.

c. Itapik ang kamay sa hita habang inaawit ang kanta sa mabilis na tempo.

d. Ipadyak ang paa at ipalakpak ang mga kamay habang umaawit sa masmabilis na tempo.

Ano ang pakiramdam nang inawit mo ang kanta sa mas mabilis na tempo?

# *Isaisip*

Sa mga isinagawang gawain, ang tempo ng awitin ay matutukoy sa pamamagitan ng ____________.

Ang tempo ay maaaring _______, ________, _______ o __________.

## Isagawa

Gawin ang sumusunod na gawain.

a. Kantahin ang sumusunod na awitin sa mabagal, mas mabagal, mabilis, at mas mabilis na tempo. Irekord ang pag-awit na gagawin.

1. Sampung mga Daliri
2. Tatlong Bibe
3. Ang mga Ibon

b. Iyong pakinggan ang pag-awit na ginawa.

Ano ang masasabi mo sa iyong ginawa?

Ano ang naramdaman mo habang inaawit mo ang mga awitin sa iba't ibang tempo?

Ano naman ang naramdaman mo habang pinakikinggan ang sarili mo sa pag-awit?

## Tayahin

Iyong kantahin ang awitin sa ibaba sa mabagal at mabilis na tempo batay sa tonong nakasaad dito. Gamit ang rubrik, ikaw ay bibigyan ng marka ng iyong kasama sa bahay.

| Ako ay May Lobo | Leron Leron Sinta |
|---|---|
| (sa himig na Leron Leron Sinta)<br>Ako ay may lobo,<br>Lumipad sa langit.<br>Di ko na nakita,<br>Pumutok na pala.<br>Sayang ang pera ko,<br>Pinambili ng lobo.<br>Kung pagkain sana,<br>Nabusog pa ako. | (sa himig na Ako ay May Lobo)<br>Leron leron sinta,<br>Buko ng papaya.<br>Dala dala'y buslo,<br>Sisidlan ng bunga.<br>Pagdating sa dulo,<br>Nabali ang sanga.<br>Kapos kapalaran,<br>Humanap ng iba. |

**Rubrik**

| | |
|---|---|
| 5 | Naawit nang buo ang dalawang awitin sa tempo at tonong nakasaad. |
| 4 | Naawit nang buo ang isang awitin sa tempo at tonong nakasaad. |
| 3 | Naawit nang hindi buo ang dalawang awitin pero sa tempo at tonong nakasaad dito. |
| 2 | Naawit ang dalawang awitin sa orihinal na tono at tempong nakasaad dito. |
| 1 | Naawit ang isang awitin sa orihinal na tono at tempong nakasaad dito. |
| 0 | Hindi naawit ang awitin. |

## Karagdagang Gawain

Pumili ng isang awitin sa mga awiting napag-aralan. Awitin ito sa mabagal, mas mabagal, mabilis, at mas mabilis na tempo. I-rekord ang pag-awit na gagawin. Ipadinig sa guro ang pag-awit na ginawa.

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Pagyamanin | Pagyamanin | Isaisip | Tayahin |
|---|---|---|---|---|
| **Subukin**<br>1. Tama<br>2. Tama<br>3. Mali<br>4. Mali<br>5. Tama<br><br>**Balikan**<br>1. a<br>2. b<br>3. a<br>4. a<br>5. b | **Guided Assessment 1**<br><br>Pakinggan ng magulang kung naisagawa nang tama<br><br>**Guided Assessment 1**<br><br>Pakinggan ng magulang kung naisagawa nang tama | **Gawain 3**<br><br>Pakinggan ng magulang kung naisagawa nang tama<br><br>Ang pakiramdam matapos awitin ng mas mabilis ay maaaring hinihingal, kinakapos ng hininga, naging masaya. | **Isaisip**<br>1.pakikinig at pag-awit<br>2. mabagal, mas mabagal, mabilis, at mas mabilis<br><br>**Isagawa**<br>Pakinggan ng magulang kung naisagawa nang tama.<br><br>Maaaring ang naramdaman habang inaawit ang kanta sa iba't ibang tempo ay nasiyaha, hiningal, namangha na kaya pala niyang awitin sa iba't ibang tempo.<br><br>Maaaring ang naramdaman habang pinakikinggan ang nirekord na pag-awit ay natutuwa,masaya, humanga sa sarili. | **Tayahin**<br>Gamit ang rubrik, magulang ang magbibigay ng marka<br><br>**Karagdagang Gawain**<br>Guro ang magbibigay ng marka |

# *Sanggunian*


Estrella Espie, "What Are The Basic Elements Of Music?". 2019. *Liveabout*. https://www.liveabout.com/the-elements-of-music-2455913.

Ilagan Amelia, Obmasca,Jr. Isidro, Digo, Maria Elena, and Rodriguez, Darwin.2013. "Music, Art, Physical Education And Health".*K12resources.Files.Wordpress.Com*.https://k12resources.files.wordpress.com/2014/02/gr-2-mapeh-lm.pdf.

"LR Portal". 2020. *Deped LR Portal*. https://lrmds.deped.gov.ph/detail/4825

"Mga Awiting Pambata Collection, Vol. 1 (Tagalog Nursery Rhymes) By Bulilit Singers". 2017. *Apple Music*. https://music.apple.com/ph/album/mga-awiting-pambata-collection-vol-1-tagalog-nursery/1237533969.

Oy/ML, Medusaworks. 2020. "Music Theory Time". *Www2.Siba.Fi*.http://www2.siba.fi/muste1/index.php?id=102&la=en.

TAGALOG LANG ,2015"Awiting Pambata: Filipino Children's Songs, Nursery Rhymes". https://www.tagaloglang.com/filipino-music/awiting-pambata.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph